

GABAY NG MAGULANG SA MGA KUTO: Mga Madadaling Hakbang sa Pagkontrol ng mga Kuto


Ano ang kuto?

Ang mga kuto ay maliit na mga insekto na nakatira sa buhok ng tao at sumisipsip ng kanilang dugo. Idinidikit ng mga kuto ang mga itlog ng mga ito, na tinatawag din bilang mga lisa, sa buhok.

Madaling mamatay (sa loob ng dalawang araw) ang mga kuto kapag hindi kumakain kaya hindi nila kayang mabuhay nang matagal na malayo sa ulo ng iyong anak.

Napipisa ang mga lisa sa loob ng anim hanggang siyam na araw, at nagiging mga matatandang kuto na nangingitlog sa loob ng pito o higit pang mga araw.

Paglaki ng mga Kuto



Paano nagkakakuto ang mga tao?

Nahahawahan ng mga bata ng mga kuto ang iba pang mga bata mula sa pagdidikit ng ulo at minsan kapag sila ay nakikigamit ng mga suklay, sombrero, damit, pang-*ipit* ng buhok, helmet, bandana, headphone, o iba pang mga personal na mga gamit.

Ang mga kuto ay problema sa mga bahay, daycare centers, paaralang pang-*elementarya* at pre-*school*. Mas malamang na makuha ng mga bata ang mga kuto mula sa mga miyembro ng pamilya at mga kalaro kaysa sa mga kaklase sa paaralan.

Paano ko malalaman kung may kuto ang aking anak?

Ang tanging paraan upang malaman kung ang iyong anak ay may kuto ay sa pamamagitan ng pagtingin sa kanilang buhok. Ang mga matatanda at kuyumad ay maaaring mas mahirap makita kaysa sa mga lisa na madalas nakikita halos $\frac{1}{4}$ pulgada mula sa anit.

Paano ko matatanggal ang mga kuto ng aking anak?

Pagsuklay at Pagtanggal ng Lisa

Kung ang iyong anak ay may kuto, ang pinakamabisang paraan upang matanggal ang mga kuto ay ang pagsuklay ng kanilang buhok araw-araw gamit ang suyod ng dalawang lingo.

Ang mga suyod ay dapat metal (hindi plastic) at may mahahabang mga ngipin. Maraming mga tatak ng mga suyod ang mabibili sa lokal na parmasya.

Isang magandang halimbawa ang LiceMeister®* na metal na suyod na nagkakahalaga ng halos \$10. Ang mga metal na suyod na pang-*garapata* na nakikita sa mga tindahan ng mga alagang hayop ay maaari ring gamitin.

Ang pinakamabisang paraan upang tanggalin ang mga lisa ay paghahati ng buhok sa maliliit na mga bahagi. Suklayin mula sa ugat hanggang sa dulo ng buhok. Habang ang bawat bahagi ay sinusuklay, ipitan ang buhok sa anit upang masubaybayan kung alin ang nasuklay na. Kung makakita ng mga kuto, punasan o banlawan ang suklay bago gamitin ulit. Mas madaling suklayin ang basang buhok.

Anumang mga lisa na hindi naalis gamit ang suyod ay dapat tanggalin. Magagawa mo ito sa pamamagitan ng pag-alis sa mga ito gamit ang mga kuko sa kamay o sa paggupit ng isang buhok sa pagitan ng anit at kung saan nakakabit ang mga lisa. Suriing mabuti ang buhok ng lahat ng mga miyembro ng pamilya. Ang mga karaniwang lugar kung saan natatagpuan ang mga kuto ay malapit sa anit, sa linya sa leeg, at likod ng mga tenga.

Anumang mga lisa na hindi naalis gamit ang suyod ay dapat tanggalin. Magagawa mo ito sa pamamagitan ng pag-alis ng mga ito gamit ang mga kuko sa kamay o sa paggupit ng isang buhok sa pagitan ng anit at kung saan nakakabit ang mga lisa.

Mga Paggamot

Ang mga aktibong sangkap ng karamihan sa nabibiling gamot para sa mga kuto ay Permethrin (Nix®) o pyrethrin. Maaaring ibigay ang Benzyl Alcohol lotions (5%) katulad ng Ulesfia® upang patayin ang mga kuto ng mga batang 6 na buwan o mas matanda.

Maaaring ireseta ang Ivermectin (0.5%) na mga gamot gaya ng Sklice® upang patayin ang mga lisa at mga kuto sa mga batang 6 na buwan ang edad o mas mataas.

Maaaring ireseta ang Spinosad (0.9%) na mga gamot gaya ng Natroba® upang patayin ang parehong mga kuto sa ulo at lisa sa mga batang higit sa 4 na taong gulang.

Ang AirAllé® ay isang kagamitan na nagbubuga ng malakas na daloy ng pinainit na hangin sa anit upang patayin ang mga kuto at lisa.

NAPAKAHALAGANG

IMPORMASYON SA PAGGAMOT:

- Sundang maigi ang mga tagubilin sa tatak.
- Gamutin lamang ang mga taong may kuto.
- Huwag iwanan ang produkto nang mas matagal kaysa sa inirerekomenda; hindi nito mapapabilis ang pagpatay sa mga kuto.
- Ang bawat taong may kuto ay nangangailangan ng kumpletong paggamot.
- Huwag hatiin ang isang kahon ng shampoo o pambanlaw sa maraming mga tao.

- Kahit matapos ang paggamot, dapat mong tanggalin ang mga lisa araw-araw gamit ang metal na suyod o suyod na panggarapata hanggang ang lahat ng mga lisa ay natanggal na lahat.
- Maghintay muna ng pito hanggang sampung araw bago gamutin ng pangalawang beses kung mayroon pa rin silang kuto. Habang hinihintay ang pito hanggang sampung araw na ito ipagpatuloy ang pag-alis ng mga kuto at lisa na makikita.

Paano kung hindi gumana ang paggamot?

Narito ang ilang mga maaaring dahilan kung bakit hindi gumana ang paggamot:

- Ang mga tagubilin sa produktong gamot ay hindi nasunod nang mabuti.
- Ang mga lisa ay hindi ganap na natanggal.
- Ang bata ay nakakuha ulit ng kuto mula sa isang kalaro.
- Maaaring hindi namatay agad ang mga kuto.
- Hindi kuto ang problema.

WALANG pruwera na gumagana ang mga sumusunod na mga produkto:

- Suka
- Mga timplang nagsasabing tinutunaw nila ang pandikit sa mga lisa “upang padaliin ang kanilang pagtanggal.”
- Mayonesa
- Langis ng oliba
- Langis ng puno ng tsaa

Narito ang ilan pang mga bagay na magagawa mo upang matanggal ang mga kuto o mga lisa sa iyong tahanan:

- Labhan ang mga damit at kumot sa mainit na tubig (130F) pagkatapos ay patuyuin sa hot cycle nang hindi bababa sa 20 minuto.
- Ibalot nang mahigpit ang mga gamit sa loob ng mga plastic na bag nang dalawang linggo upang patayin ang mga kuto sa pamamagitan ng pagpigil sa kanila na makakuha ng pagkaing dugo.

- Pakuluan ang mga suklay, brush, hair band, at mga pang-*ipit* ng buhok sa tubig nang limang minute, o ibabad sila sa rubbing alcohol o Lysol®* ng isang oras. I-vacuum ang mga alpombra at mga kasangkapan sa bahay.

*Ang paggamit ng pangalan ng produktong ito ay hindi nagpapahiwatig ng komersyal na pag-endorso ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California.

Ang tunay na laki ng itlog (lisa), kuyumad, at kuto kumpara sa isang sentimo.



Kuyumad, Buhok, Itlog (Lisa), Kuto

Kung mayroon kang mga katanungan, makipag-ugnayan sa iyong lokal na kagawaran ng kalusugan o klinika.

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California

Sangay ng Sakit na Dala ng mga Organismo

(916) 552-9730

www.cdph.ca.gov

2016